
April 26, 2024

## ENGLISH

**DIRECTION: Look and study at each picture. Choose the correct pronoun that best describes each picture. Color the circle that corresponds to your answer.**




**DIRECTION: Read the short story out loud then CIRCLE all the personal pronouns.**

**Twins**

by Sarah Marie Jane S. Espiritu

Alvin and Alvina are siblings. They are twins. Alvin is a boy, while Alvina is a girl. Alvin loves numbers. He is good in Mathematics. On the other hand, Alvina's favorite subject is English. She loves reading English story books.

They both have pets. Alvin has a white dog. Its name is Whitey. Alvina's pet is a cat. She calls it Pussy. Whitey and Pussy are good pets. They share house and food, too. The twins and their pets are best friends.

LIVEWORKSHEETS

April 26, 2024

## FILIPINO

**Panuto: Basahin ang kuwento at sagutin ang mga katanungan.**

Noong unang panahon, ang buto ng kasoy ay nasa loob ng bunga nito. Pero lagi itong malungkot sa loob noon. Isang araw nagkaroon ng pagdiriwang. Masaya ang lahat dahil pista sa nayon. Napansin ng diwata na malungkot si Kasoy kaya tinanong niya ito, "Bakit ka malungkot Kasoy?" "Mahal na diwata, nais ko pong ilabas mo ang aking buto. Nais ko pong makita ang pista" tugon ni Kasoy. "Sige kung yan ang ibig mo," at pinagbigyan siya ng diwata. Kinagabihan, dumating ang malakas na bagyo. Kumulog at kumidlat nang malakas." Naku po! Maginaw pala sa labas. Nababasa ang aking buto. Mahal na diwata, tulungan mo po ako! Takot ako sa kulog! Takot ako sa kidlat! Itago mo po ulit ang aking buto." Subalit hindi na siya pinagbigyan ng diwata. Laking pagsisisi ni Kasoy sa kanyang hiniling. "Dapat pala ay nasiyahan na ako sa dati kong ayos" panghihinayang ni Kasoy.

**Mga Tanong:**

1. Ano ang hiniling ni kasoy sa diwata?

_______________________________________________

2. Kung ikaw si Kasoy, hihilingin mo ba sa diwata ang nais niya? Bakit?

_______________________________________________

3. Anong katangian ang hindi kanais nais kay Kasoy?

_______________________________________________

4. Sa kwento ni Kasoy ano kaya ang angkop na pamagat nito?

A. Ang Di Makuntentong Buto

B. Ang Hiling ng Buto

C. Ang Nais ng Buto

5. Sumulat ng 1 o 2 maikling pangungusap kung ano ang inyong natutuhan sa kuwento?


_______________________________________________

LIVEWORKSHEETS

April 26, 2024

## ESP

**Panuto: Makinig sa isang kwento mula sa isang video na may pamagat na "Basura Kid At Iba Pa", na nagbibigay-diin sa pagpapahalaga ng ating kapaligiran.**




**Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong.**

1. Ano ang pamagat ng kwentong binasa?

_______________________________________________

2. Ano ang tumambad sa harapan ng pamilya ni Boyet, isang gabing nakarinig sila ng malakas na kalabog?

_______________________________________________

3. Bakit hindi dapat magtapon ng basura sa ilog?

_______________________________________________

4. Bilang isang bata ano ang ating responsibilidad sa pagaalaga ng ating kapaligiran?

_______________________________________________

LIVEWORKSHEETS

April 26, 2024

AP

**Panuto: Basahin ang tulang "Ang Aking Pamayanan" at sagutin ang mga tanong.**

**Ang Aking Pamayanan**
**By: Anonymous**

Masayang pamayanan
Ang aking pinagmulan
Mga tao ay palakaibigan
May kusa at nagtutulungan
Ang pamayanan naming ito
Puno ng mabuting tao
Naglilinis kami ng sama-sama
At dito ay masaya ang aming pamilya
Tutulungan ka nilang magpasya
At idederekta ka sa tama
Dito kami ay ligtas
Dahil walang lumalabag sa batas
Ang aming pamayanan
Ay nararapat na pamarisan
Sana sa ibang pamayanan rin ay walang gulo
Walang away at sakit sa ulo

**Panuto: Sahutin ang mgatanong batay sa tekstong binasa**

1. Tungkol saan ang tula?

____________________________________________

2. Anu-ano ang mga gawain o proyektong pangkomunidad ang nabanggit sa tula?

____________________________________________

3. Paano nagtutulungan ang mga tao sa komunidad?

____________________________________________

4. Bakit mahalaga ang pagtutulungan ng mga kasapi sa komunidad?

____________________________________________

LIVEWORKSHEETS